REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-65

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE UPANG MAKALAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (M.O.A.) SA PAGITAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG BAYAN NG LOBO, LALAWIGAN NG BATANGAS KAUGNAY NG PAGKAKALOOB NG HALAGANG TATLONG DAANG LIBONG PISO (P300,000.00) NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA BAYAN NG LOBO, BATANGAS BILANG TULONG-PINANSYAL SA NATURANG BAYAN UPANG MAKAPAGPAGAWA NG ISANG DAANG MAKAKAPAG-UGNAY SA BAYAN NG LOBO SA IBANG KARATIG-LUGAR NITO.

*****************************************************************

Ipinanukala ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*****************************************************************

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 33 ng bagong Local Government Code, ang pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng karampatang hakbang ng Sangguniang Bayan, ay may kapangyarihang magtipon upang pagsamahin o pagtugmain ang kanilang pagsisikap, serbisyo at pamamaraan para sa layuning kapwa makabubuti sa kanila;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 93-64 na nagpapalawig ng pangkalakalan at pampulitikong pakikipag-ugnayan sa Bayan ng Lobo, Batangas sa pamamagitan ng pagtatatag ng kasunduang kapatiran (sisterhood agreement) sa pagitan ng nasabing bayan at ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Lobo sa pamamagitan ng Pangalawang Punongbayan at mga kagawad ng Sangguniang Bayan nito ay dumulog sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa masidhing pangangailangan ng kanilang bayan na magkaroon ng isang daang mag-uugnay sa kanilang kabayanan patungo sa mga barangay nito at mga karatig bayan;

SAPAGKAT, ang pagtulong na ito ay maituturing na pag-aakay ng isang kapatid sa kanyang maliit na kapatid upang ito ay matutong mangabay o lumakad at huwag ituring ang pagtulong na ito na isang gawaing para lamang gumawa ng isang lansangan kungdi itanim sa kaisipan na ito'y gagawin upang makatulong at maging bahagi ng pagpapaunlad ng isang bayang mahirap;

SAPAGKAT, ang lansangang minimithi ng mga taga-Lobo, Batangas ay ang susi tungo sa kaunlaran at kasaganaan ng bayang ito at sa bahagi ng Bayan ng Muntinlupa ay magkakaroon din ito ng epektong benepisyal sa pamamagitan ng tuwirang pagdadala ng mga kalakal at paninda mula sa Bayan ng Lobo na maipagbili sa Bayan ng Muntinlupa sa murang halaga.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyang pahintulot ang Punongbayan Ignacio R. Bunye upang makalagda sa isang Memorandum of Agreement (M.O.A.) sa pagitan ng Bayan ng Muntinlupa at ng Bayan ng Lobo, Lalawigan ng Batangas kaugnay sa pagkakaloob ng halagang P300,000.00 ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa Bayan ng Lobo, Batangas bilang tulong pinansyal sa naturang bayan upang makapagpagawa ng isang daang makapag-uugnay sa Bayan ng Lobo sa iabang karatig-lugar nito.

PINAGPASIYAHAN, ng buong pagkakaisa ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-41st regular na pulong na ginanap ngayong ika-24 ng Mayo, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Sangguniang Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan